BANGKO KABAYAN

HINDI BASTA BANGKO, KABAYAN PA!

BK
PRIVATE DEVELOPMENT BANK

IBAAN
AGONCILLO
BATANGAS CITY
BALAYAN
CALACA
CALATAGAN
CUENCA
LEMERY
LIPA CITY
LOBO
MABINI
NASUGBU
ROSARIO
SAN JOSE
SAN JUAN
SAN PASCUAL
TALISAY
TANAUAN CITY
ATIMONAN
GUMACA
TIAONG
SARIAYA
NAGCARLAN
PAGSANJAN

10 ng Setyembre 2021

___________________________
___________________________

Magandang araw, Kabayan!

Buong pagmamalaki po naming ipinagbibigay alam sa inyo na simula sa ika-12 ng Nobyembre 2021, ang Bangko Kabayan ay opisyal nang bahagi ng Philippine Clearing House Corporation (PCHC) at lahat ng idedeposito at ii-issue ninyong tseke ay hindi na kakailanganin pang dumaan sa ibang commercial bank.

Ang ilan po sa benepisyo ng pagbabagong ito ay ang mga sumusunod:

1. Mas pinahahabang cut-off time para sa pagdedeposit ng mga tseke; maaaring malaman ang clearing cut-off time sa inyong branch of account;
2. Mas mabilis ang clearing ng mga idinepositong tseke kung kaya't sa susunod na araw ay mapapakinabangan na ang mga ito; at
3. Lalong pinatibay na acceptability ng mga ii-issue na tseke.

Kaugnay po nito, ang mga bagong tsekeng bibilhin simula sa nasabing petsa ay nakapangalan na lamang sa Bangko Kabayan ngunit ang mga kasalukuyan ninyong hawak na tseke, kabilang ang mga post-dated na tseke, ay patuloy ang clearing sa pamamagitan ng Union Bank of the Philippines (UBP) hanggang sa mga ito ay maubos.

Mangyari lamang pong pakipunan ang pahinang kalakip nito para sa inyong mga bagong order na checkbook at isumite sa bangko bago matapos ang buwan ng Setyembre 2021.

Nagkaroon po ng katuparan ang pagbabagong ito hatid ng hangarin ng pamunuan ng bangko na iangat ang serbisyo nito para sa inyong lahat na pangunahing sumusuporta sa katatagan nito.

Maraming salamat po at hangad naming ang patuloy ninyong kaligtasan sampu ng inyong pamilya.

Lubos na gumagalang,

**BEATRIZ R. ROMULO**
Pangulo

BANGKO KABAYAN INC. (A PRIVATE DEVELOPMENT BANK)
Main Office: Bangko Kabayan Building, Santiago St., Poblacion, Ibaan, Batangas 4230
Tel. Nos.: (043) 311-1420 / (043) 311-1323 / (043) 311-1127
Website: www.bangkokabayan.com

**BANGKO KABAYAN INC. (A PRIVATE DEVELOPMENT BANK)**
**CHECKBOOK ORDER FORM**

Petsa ___________________________

Nais kong umorder ng checkbook gaya ng sumusunod:

_______ (Blg) Commercial Checkbook (may 100 piraso)
_______ (Blg) Personal Checkbook (may 50 piraso)

*Ang order po ninyong klase ng checkbook ay magpapatuloy habang kayo ay may checking account sa Bangko Kabayan.*

____________________________
Lagda at Pangalan ng Depositor

____________________________
Checking Account Number

____________________________
Branch